



Lungsod ng South San Francisco
PRESS RELEASE

Para sa Agarang Release

Makipag-ugnay kay: Leslie Arroyo, Communications Director

Telepono: (650) 829-6603

Email: Leslie.Arroyo@ssf.net

**Ang Opisina ng City Clerk sa Lungsod ng South San Francisco ay
Magkakaloob ng Interpretation Services sa Nalalapit na Pulong ng
City Council**

*Ang serbisyong ito ay magsisimula sa Marso 10, 2021 sa pulong ng City
Council*

SOUTH SAN FRANCISCO, Calif., Marso 4, 2021 – Upang makasunod sa batas ng Americans with Disabilities Act (ADA), ang mga miembro ng publiko ay maaring humiling ng accessibility modifications o tulong sa interpretasyon, sign language signers, o pagsasalin sa ibang wika mangyaring makipag-ugnay sa opisina ng City Clerk simula Marso 10, 2021.

“Malugod naming ipinababatid na maipagkakaloob namin ang serbisyong ito sa iba’t ibang uri ng lahi na populasyon ng South San Francisco,” ang sinabi ng City Clerk ng South San Francisco na si Rosa Govea Acosta. “Nais naming alisin ang hadlang na nadudulot ng limitado na pagkaintindi sa wikang English upang ma-access ang mga serbisyo at mga programa na galing sa state at sa inyong lokal na kung saan kayo ay may karapatan na tumanggap.”

Ang lungsod ng South San Francisco ay maagap na nagbibigay ng mga nakasulat na impormasyon sa mga miembro ng komunidad na hindi bihasa sa wikang Ingles. Ang mga impormasyon ay nakaliwat sa Espanyol, Tagalog at Chinese (Cantonese).

Paano Humiling ng Serbisyo na Ito

Upang matiyak na magkakaroon ng serbisyo, ang mga miembro ng publiko ay dapat na humiling ng 72 na oras bago ang pulong.

Ang mga miembro ng publiko ay maaring magpadala ng email sa opisina ng City Clerk sa All-CC@ssf.net upang humiling ng serbisyo na ito. Kung hindi po kayo makapag-email, maaari nyo rin silang maabot sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 877-8518.

“Nais naming mapabuti ang kakayahang pag-access ng serbisyong ito at magbigay ng pantay pantay na pag-access sa kanila,” ang dagdag ni Govea Acosta.

Para leer este comunicado en español, visite WWW.SSF.NET/XXXX

Upang mabasa ang pahayagna ito sa wikang Tagalog bumisita sa, WWW.SSF.NET/XXX

查看中文譯本, 前往 WWW.SSF.NET/XXX

###

Tungkol sa Lungsod ng South San Francisco

Ang Lungsod ng South San Francisco ay malugod na nanatiling *The Industrial City*, ito ay isang repleksyon ng pagiging dating steel mill at pagawaan ng mga barko nuon, binago upang maipakita ang innovative, pagiging negosyante at masipag na espiritu kaya ang South San Francisco ay nagawang maging Biotech Capital ng Mundo, na may 217 na aktibong biotech na mga kumpanya at patuloy na lumalaki pa. Isang kumunidad na may 67,082 na mga residente, ang South San Francisco ay nage-enjoy ng mataas na kalidad ng buhay na may maraming malawak na pampublikong parke, masiglang silid aklatan at mga programa sa pag-aaral, at daynamiko na kumunidad, kung kaya isang napakagandang lugar tumira, matuto, magtrabaho at maglaro sa South San Francisco.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa South San Francisco, bumisita sa www.ssf.net.